Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

FILE COPY
DATE: 6-21

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-2 NG HUNYO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. LIRIAO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Gumanap na Tagapangulo
Kgg. Florencio C. Odejar ........ Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Edgardo T. Forca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villasenor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 120-T'99

KAPASIYAHANG HUMIHILING SA PANLALAWIGANG DIREKTOR NG LAGUNA PHILIPPINE NATIONAL POLICE NA MABAYARAN ANG HALAGANG NAGUGOL PARA SA PAGPAPAGAMOT NI SPO3 IRENEO VILLEZA NA NASAKSAK SA ORAS NG PAGGANAP SA KANYANG TUNGKULIN.

**SAPAGKA'T,** si SPO3 Ireneo Villeza ay nasaksak sa pakikipaglaban sa tatlong taong lumikha ng gulo sa K2's Bar & Restaurant sa Brgy. Pagsawitan ng bayang ito;

**SAPAGKA'T,** ang sugat na kanyang natamo ay dala ng tawag ng paglilingkod na maiayos ang kaguluhang itinawag ng namamahala sa nasabing bar;

**SAPAGKA'T,** malaking halaga ang nagamit sa pagpapagamot kay SPO3 Ireneo Villeza maging sa pagpapanumbalik ng kalusugan at kalakasan ng kanyang katawan;

**SAPAGKA'T,** ang paglilitas sa kanyang sarili sa gipit na kalagayan ay isang malaking kabayanihang dapat na ipagmalaki alang-alang sa pangangalaga sa buhay ng mga mamamayan sa bayang ito;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Bernardo E. Ison at Edgardo T. Forca at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na hilingin sa Panlalawigang Direktor ng Laguna Philippine National Police na mabayaran ang halagang nagugol para sa pagpapagamot ni SPO3 Ireneo Villeza na nasaksak sa oras ng pagganap sa kanyang tungkulin.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Panlalawigang Direktor ng Laguna Philippine National Police, P/C Insp. Antonio Carreon at SPO3 Ireneo Villeza, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE F. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY: ______
DATE ______
STA. CRUZ, LAGUNA